**INTERNATIONAL NAPASA ( May 27th,2025 )**

## 1)UKOL SA PAGHAHANAP NG GAGAMIT SA PATANIMAN PARA SA MAMAMAYAN

市民農園の利用者の募集のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay naghahanap ng gagamit sa 22 pataniwan sa loob ng lungsod. Ang kontrata ay 2 taon at may posibilidad na ito ay ma-extend. Ang bayad sa taunang pagre-renta ng pataniman ay mula ¥ 8,000 hanggang ¥ 18,000. Ang bayad sa pagre-renta ay magkakaiba ayon sa lugar. Makikita sa ***Home Page*** ng Hiratasuka City ang bakanteng lugar ng pataniman. Kung may katanungan ay maaaring tumawag sa ***AGRICULTURE AND FISHERIES DIVISION (NOUGYO SUISAN KA).*** Telephone No. **0463-35-8102 ( 0463-35-8102 )**.

## 2)DEVICE PARA SA PAG-IWAS SA MGA DI KANAIS-NAIS NA TAWAG O SPAM CALLS

迷惑電話防止装置のお知らせ

1. Dito sa Hiratsuka City ay nagbibigay ng tulong na 1/2 ng presyo sa pagbili ng device para makaiwas sa mga di kanais-nais na tawag o spam calls sa mga residenteng matatanda na may edad na 65 taong gulang pataas. Subalit hanggang sa ¥ 5000 lamang ang tulong. Para sa mga gustong mag-apply ay isagawa ang kinakailangang pag-proseso sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION*** sa 4th Floor ng Hiratsuka City Office. Para sa mga katanungan ukol sa mga kinakailangang dokumento ay makipag-ugnayan sa sa ***RISK AND MANAGEMENT DIVISION.*** Telephone No. 0463-21-9863 (0463-21-9863).

## 3)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa June 1 (Sunday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***FAGIANO OKAYAMA*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 4)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa May 31 (Monday) ang huling palugit ng unang bayarin ng ika-apat na bahagi ng bayarin ng ***LIGHT VEHICLES*** at ***PROPERTY TAX***. At dahil ang May 31 ay Sabado, ang huling palugit ay sa May 2, Monday. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa ***TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769).**

## 5)PAGLILIMBAG NG 2025~26 GUIDE BOOK SA PAMUMUHAY PARA SA MAMAMAYAN

生活ガイドブック２０２3**～24版**発行のお知らせ

Dito sa Hiratsuka City ay nailimbag na ang ***2025～26 GUIDE BOOK SA PAMUMUHAY PARA SA MAMAMAYAN*** na may mga nakalathalang iba'-ibang inpormasyon tulad ng ***PAG-IWAS SA SAKUNA, PARA SA KAPAKANAN, PAGPAPALAKI NG MGA BATA, SIGHTSEEING, SPORTS*** at iba pa. Ang ***GUIDE BOOK*** na ito ay makukuha sa General Information sa 1st floor ng Hiratsuka City Office at sa mga ***KOMINKAN (COMMUNITY CENTER)*** ng bawat distrito. Kung mayroong katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa ***PUBLIC RELATIONS DIVISION (KOUHO KA)*** Telephone No. **0463-21-8761 (0463-21-8761).**